Para saan pa ang pagpapayo kung ayaw naman ninyong magkabalikan?

Ang pagpapayong pampamilya ay makatutulong sa mga mag-asawa na matanggap ang maraming mga pagbabagong nangyayari kapag nabuwag ang isang relasyon. Makatutulong ito sa mga magulang na makapagpasya ukol sa mga kaayusan para sa kanilang mga anak at kung paano sila maghahati-hati sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay. Ang Family Law Act ay naghihimok sa mga magulang na ayusin nila mismo ang kanilang mga di-pagkakasundo ukol sa mga bata sa halip na magpunta sa hukuman.

Maaari ding makatulong ang pagpapayong pampamilya kung may mga di-pagkakasundo ukol sa paghahati ng ari-arian.

Mga hukuman at pagpapayong pampamilya

Kung magpapasya kang magpunta sa hukuman para sa isang pagpapasya ukol sa iyong mga anak, maaaring kailanganin mo pa ding makipagkita sa isang tagapayong pampamilya. Ang isang hukuman ay maaaring mag-utos sa iyo at sa iyong asawa o kapareha na makipagkita sa isang tagapayong pampamilya sa anumang oras habang may nakasampang kaso sa hukuman upang talakayin at subukang malutas ang mga di-pagkakasundo ukol sa pangangalaga, kapakanan at paglaki ng iyong mga anak. Sa pangkalahatan, hindi magsasagawa ang hukuman ng kautusan sa pagiging magulang maliban kung ikaw ay nakipagkita sa isang tagapayong pampamilya. Maaaring hindi ito kinakailangan sa ilang mga sitwasyon (tulad ng mga apurahang kaso).

Magkano ang gagastusin?

Ang Family Dispute Resolution Services ay magpapataw ng mga singil alinsunod sa iyong kakayahang magbayad. Ipagbigay-alam sa Family Dispute Resolution Service kung ikaw ay may mababang kita o kung nahihirapan ka sa pinansya sa dahilang may ipapatupad na mga kaayusan ang Serbisyo upang tiyakin na magagamit mo ang paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya.

Paano ko makokontak ang isang tagapayong pampamilya?

Pinopondohan ng Pamahalaan ng Australia ang ilang mga organisasyong nakabase sa komunidad sa ilalim ng Family Relationship Services Program upang makapagbigay ng mga Family Relationship Counselling Service.

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang **Family Relationship Advice Line** sa numerong **1800 050 321** mula **alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes** at **alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon kapag Sabado** (maliban sa mga pambansang piyesta-opisyal).

Maaari mo ding bisitahin ang Family Relationships Online sa **www.familyrelationships.gov.au**

Australian Government

Pagpapayong pampamilya

Kung saan ang mga pamilya ay nais makapagbuo ng mga mas mabubuting relasyon sa isa't-isa at sa kanilang mga anak, pinondohan ng Pamahalaan ng Australia ang Family Relationship Counselling Services upang makapagbigay ng tulong sa mga gipit na panahon.

Ano ang pagpapayong pampamilya?

Ang pagpapayong pampamilya ay ang tawag para sa pagpapayo sa ilalim ng Family Law Act. Tumutulong ito sa mga taong nahihirapan sa mga relasyon na mapangasiwaan nang mas mabuti ang mga personal na isyu at isyu sa pakikipagkapwa na may kinalaman sa mga anak at pamilya sa panahon bilang mag-asawa, paghihiwalay, at matapos ang diborsyo.

Ang pagpapayong pampamilya ay maaaring tungkol sa mga nasaktang damdamin, mga suliranin sa pagitan mo at ng iyong kapareha at iba pang tao sa pamilya, mga bagong kaayusan sa paninirahan at mga isyung kaugnay ng pangangalaga sa iyong mga anak at kaayusan sa pinansya.

Bakit pa pupunta sa pagpapayong pampamilya?

Maaaring lumitaw ang mga problema sa relasyon sa iba't-ibang mga yugto ng ating buhay. Hindi madaling panatilihing tuwid ang mga relasyon. Ang pagkakaroon ng isang marupok na panahon ay hindi nangangahulugan na ang iyong relasyon ay nanganganib ngunit maaari itong maging isang palatandaan na maaari kang makinabang sa ilang tulong. Ang pagpapayong pampamilya ay maaaring gumabay at sumuporta sa mga mag-asawa upang matugunan ang mga hamon ng buhay.

Ang pagpapayong pampamilya ay maaaring makatulong upang mapanatili ang mga pinahahalagang relasyong pampamilya kahit na makalipas ang paghihiwalay. Sa panahong ito, kailangang tutukan ng mga magulang kung ano ang pinakamabuti para sa kanilang mga anak. Ang mga anak ay magkakaroon ng mga damdamin at emosyon na maaaring hindi nila maiintindihan o makayanan.

Sino ang maaaring magpunta sa pagpapayong pampamilya?

Ang isang tagapayong pampamilya ay maaaring makatulong sa mga nasa wastong gulang, mga kabataan, mga mag-asawa, at ang kanilang mga anak. Maaari kang magpunta sa pagpapayong pampamilya bilang isang indibidwal o mag-asawa o isang pamilya.

May makukuha bang pagpapayo para sa mga bata?

Oo, ang pagpapayong pampamilya ay para sa buong pamilya, kabilang ang mga bata.

Nagbibigay-daan ang Family Law Act upang ang mga batang apektado ng paghihiwalay o diborsyo ay matulungan ng isang tagapayong pampamilya. Ang isang tagapayong pampamilya ay kailangang may mga espesyal na kasanayan para sa pagpapayo ng mga bata.

Kailan ako makikipagkita sa isang tagapayong pampamilya

Maaari mong subukan ang pagpapayong pampamilya sa anumang oras. Kung mas maaga kang makikipagkita sa isang tagapayong pampamilya, mas malamang na matutulungan ka ng isang tagapayo.

Maaari itong gawin bago ikasal, habang kasal o nasa isang relasyong de-facto, matapos na maghiwalay o magdiborsyo o kapag ikaw ay muling nag-asawa. Maaari kang makipagkita sa isang tagapayong pampamilya ukol sa mga isyung nakakaapekto sa iyong mga anak kahit na kayo ay ikinasal o nagsama kahit kailan man o hindi. Kung ikaw ay hiwalay, maaari kang makipagkita sa isang tagapayo ng pamilya kahit na may isinampa kang kaso sa hukuman o wala. Ang mga tagapayong pampamilya ay makatutulong sa iyo na maayos ang mga emosyonal na problema sa iyong asawa o kapareha o magkaroon ng kasunduan tungkol sa inyong mga katungkulan sa pagiging magulang.

Anong impormasyon ang maibibigay sa akin ng isang tagapayong pampamilya?

Makakatanggap ka ng impormasyon at reperal sa mga serbisyong makakatulong sa iyong sitwasyon. Ito ay batay sa iyong kalagayan sa relasyon – ikaw ba ay nasa isang bagong relasyon, nagbubuo ng iyong mga relasyon, nasa isang magkahalong pamilya, sumusubok na magbati o maghiwalay?

Kung ikaw ay may-asawa at nag-iisip na makipagdiborsyo, dapat kang bigyan ng iyong tagapayong pampamilya ng impormasyon ukol sa mga makukuhang serbisyo na makatutulong sa pagbabati (maliban kung sa tingin nila ay walang makatuwirang posibilidad ng pagkakabati).

Kung ikaw ay hiwalay at may anak, dapat kang bigyan ng tagapayong pampamilya ng impormasyon ukol sa mga plano sa pagiging magulang at iba pang mga serbisyo (tulad ng paglutas ng di-pagkakasundo sa pamilya) na makatutulong sa iyo.

Ano ang nangyayari sa pagpapayong pampamilya?

Ang isang tagapayong pampamilya ay makikinig sa iyong mga alalahanin at problema at tutulungan kang makahanap ng iyong mga sariling kasagutan.

Kompidensyal ba ang pagpapayong pampamilya?

Sa ilalim ng Family Law Act, ang anumang bagay na sinabi sa isang sesyon sa pagpapayo ay kompidensyal – maliban sa ilang mga sitwasyon, tulad ng upang maiwasan ang isang malubhang banta sa buhay ng isang tao o upang maiwasan ang paggawa ng isang krimen.

Ang anumang sasabihin habang nasa pagpapayong pampamilya ay hindi maaaring magamit bilang patunay sa anumang hukuman. Gayunpaman, ang isang tagapayong pampamilya ay kailangang mag-ulat ng pag-aabuso ng bata, o anumang sinabi na nagpapahiwatig na ang isang bata ay nanganganib na maabuso at ito ay maaaring magamit bilang patunay.

Paano kung pakiramdam mo ay nanganganib ka?

Ang mga Family Relationship Counselling Service ay may mga nakalaang kaayusan upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga kliyente at ng mga tauhan. Kung ikaw ay mayroong mga ikinababahala ukol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iyong mga anak, dapat mo itong ipagbigay-alam sa tauhan ng Serbisyo sa lalong madaling panahon.